



## Pagsusuring Semiotika sa Mga Mito sa Kalikasan sa mga Litrato sa *Travel Blogs* na Nagtatampok sa Calamianes, Palawan

Romel A. Daya

*College of Development Communication  
University of the Philippines Los Baños  
Los Baños, Laguna  
radaya@up.edu.ph*

**Abstrak:** Tampok sa mga *blog* na panturismo sa internet ang mga litrato ng likas na pook-pasyalan sa Pilipinas na kadalasa'y naglalarawan ng kagandahang taglay ng kalikasan bilang isang yaman ng bansa at nagtatampok ng kasiyahan at pagkalibang na maidudulot nito sa mga turista. Sa pagkakatathala sa mga *travel blog*, ang mga imahen sa litrato ay lumilikha ng samot-saring mito hinggil kalikasan. Ginabayan ng mga konsepto ng “mitolohiya” ni Barthes at “espektakulo ng kalikasan” ni Igoe, ang **pagsusuring semiotika** na ito ay naglayong ilantad mula sa mga litratong tampok sa *travel blogs* ang mga mito sa kalikasan at ang mga isyung panlipunang sinasapawan ng mga mitong ito. Ang espektakulo na makikita sa maraming litrato sa *travel blogs* ay masasabing isang makulay na eksibisyong biswal ng halo-halong uri ng kamamanghaan at pagkamangha. Nagkokonstrak ito ng mitong naglalayo sa mga mambabasa sa mga panlipunang isyu at suliraning kaugnay ng mga likas na pook-pasyalan sa Calamianes. Ang mga mitong ito ang dapat tibagin ng *travel bloggers* kung nais nilang makatulong sa pagprotekta sa kalikasan.

**Mga Susing Salita:** litrato; turismo sa kalikasan; pook-pasyalan; mitolohiya; espektakulo ng kalikasan

### 1. INTRODUKSIYON

Ang pamamasyal ay bahagi ng kulturang Pilipino, malapit o malayo man ang sadyang pupuntahan. Sa nakagawiang pakikipagtalastasan ng mga Pilipino sa kapuwa, itinuturing **na uri ng pamamasyal** ang pagdalaw sa kapitbahay o sa kaibigan at kamag-anak sa kabilang barangay o bayan. Ang isa pang matinkad na uri ng pamamasyal ay ang pagpunta at paglilibang sa mga likas na yaman tulad ng dagat, ilog, lawa, talon, at bundok.

Sa pagdaan ng panahon, parami nang parami ang bilang ng mga Pilipinong namamasyal, lalo na sa malalayong pook-pasyalan. Maaaring iugat ito sa pag-unlad ng imprastruktura ng transportasyon at komunikasyon sa Pilipinas, pagdami ng may pinansiyal na kakayanang **makabiyahang malayo**, at mismong paglago ng industriya ng turismo. Kung tutuusin, masasabing nilamon na nga ng turismo ang malaking bahagi ng konsepto ng pamamasyal ng mga Pilipino. Kahit ang pagpunta sa ibang bayan para mamasyal sa mga kilalang pook-pasyalan ay itinuturing na ngayon na bahagi ng industriya ng turismo. Dagdag pa, wala naman



talagang kinikilalang industriya ng pamamasyal na batay sa katutubong konseptong Pilipino.

Nakaambag din sa pagtaas ng bilang ng mga Pilipinong namamasyal – o mas kilala bilang mga lokal na turista – ang pagkakaroon at pagdami ng *travel blogs* sa internet na nagtatampok ng mga likas na pook-pasyalan (Bosangit, Dulnuan, & Mena, 2012). Sa *travel blogs*, kadalasang nakasaad kung saan at paano pupuntahan ang isang pook-pasyalan, magkano ang gagastusin, at ano-ano ang puwedeng gawin. Higit sa lahat, may mga litratong nagpapakita ng makulay at magagandang tanawin na nakakahalina sa mga tumitingin, lalo na sa *nature lovers*.

Milyon-milyong mga lokal na turista ang namamasyal sa iba't ibang lugar sa Pilipinas taon-taon. Ayon sa Philippine Statistics Authority (PSA) (2013), may 25.7 milyong Pilipino na edad 15 pataas ang namasyal sa ibang lugar ng bansa noong 2012. Batay naman sa tala ng Federation of Filipino Chinese Chamber of Commerce and Industry Inc. (FFCCCII) (2016), tinatayang may 5.36 milyong dayuhang turista ang namasyal sa Pilipinas noong 2015. Dahil isang lumalaking industriya, ang turismo ay nakaambag ng 8.2 porsiyento sa pambansang ekonomiya ng Pilipinas noong 2015 (PSA, 2016).

Simula 1960, ang taunang estatistika naman sa pagdating ng mga dayuhang turista sa bansa ay pataas sa pangkalahatan (Pilapil-Añasco & Lizada, 2014). Marami sa kanila ay nabibighani sa likas na angking kagandahan ng bansa kaya sila'y itinuturing na bahagi ng tinatawag na turismo sa kalikasan (*nature tourism*) at ekoturismo, dalawa sa mga tipolohya ng turismo kung saan direktang sangkot ang mga likas na pook-pasyalan gaya ng ilog, lawa, talon, bundok, at dalampasigan at dagat (Pilapil-Añasco & Lizada, 2014).

Sa paglaki ng industriya ng turismo at patuloy na pagdami ng bilang ng turista sa mga likas na pook-pasyalan, hindi maiiwasan ang mga problema tulad ng pagkasira ng kalikasan (Cruz, 2003; Pilapil-Añasco & Lizada, 2014) at negatibong epekto sa kultura (Cruz, 2003; Dulnuan, 2014). Kaakibat na problema rin ang mga sumusunod: kahirapan (Cruz, 2003; Dizon, 2015); kawalan ng partisipasyon ng lokal na pamayanan (Cruz, 2003; Bersales 2005); seguridad (Cruz, 2003); at usapin ng *ancestral domain* (Save the Ifugao Terraces Movement, 2008; Villapa, 2016). Dahil dito, pumaimbabaw ang konsepto ng *sustainable tourism*, na nakasaad sa batas (halimbawa: Republic Act 9593) at isinusulong ng mga ahensiya ng gobyerno at iba't ibang pribadong institusyong kasangkot sa turismo (Cruz, 2003; Pilapil-Añasco & Lizada, 2014). Subali't di pa sapat ang mga hakbang na ginagawa para masiguradong natutugunan ang mga problema dahil patuloy pa rin ang deteryorasyon ng kalikasan at paglala ng kahirapan sa mismong mga destinasyong panturismo.

## 2. PROBLEMATISASYON

Ang *travel blogs* sa internet ang isa sa mga madaling pagkunan ng detalyadong impormasyon tungkol sa mga pook-pasyalan. Karamihan sa mga ito ay ginawa ng mga turista mismo na nakarating na sa mga lugar na ginawa nilang paksa ng sariling *blogs* upang magbahagi ng karanasan sa pamamasyal. Sa kanilang papel, naging pangunahing proposisyon nina Bosangit et al. (2012) na ang *travel blogs* ay “nagsisilbing plataporma kung saan aalalahin, tatasahin, ilalagak, at pagyayamanin ng mga turista ang kanilang mga karanasan sa pamamasyal” (p. 207). Sa pag-aaral naman nina Pan, MacLaurin, at Crotts (2007), napag-alamang ang *travel blogs*, bilang midyang panlipunan, ay “baratong pamamaraan para makakuha ng mayaman, mapapanaligan, at di-hinihinging katugunan” mula sa mga manlalakbay (p. 35). Para kina Banyai at Glover (2012), “ang pagtaas ng bilang ng *online diaries* o *blogs* ay nakaapekto hindi lamang sa daluyan ng komunikasyon kundi pati sa kung paano isinusulong at kinokonsumo ang mga destinasyong panturismo” (p. 267). Sa Estados Unidos, 82 porsiyento ng mga konsyumer ng *produkto* ng *travel, recreation and leisure* noong 2008 ay komunsulta sa mga *reviews, blogs*, at iba pang *online feedback* (eMarketer, 2008).

Karamihan sa *travel blogs* ay nagpapaskil ng mga litrato. Ang pangunahing tampok sa mga litratong ito ay ang kagandahang taglay ng kalikasan bilang isang yaman ng komunidad at bilang penomenon na makapagdudulot ng saya at galak sa mga turistang lokal at dayuhan. Kung ano ang hindi itinatampok o nakakubli sa mga litratong ito ay isang malaking katanungan. Sabi nga ni Torres (2014) sa kanyang papel



tungkol sa representasyon ng mga Igorot sa litrato sa postcards, ang mga litrato ay may kakayahang magkubli “*by reducing geography and culture to mere monuments of tourist attractions, the reality of the land and the people is suppressed*” (p. 222).

Ayon kay Igoe (2010), ang espektakulo ng kalikasan (*spectacle of nature*) ang kadalasang ibinibida sa mga biswal na midya (pp. 376-380). Kung anuman ang hindi sumusuporta sa naratibo ng espektakulo ay hindi halos binibigyang-pansin at kahulugan sa mga *travel blogs*. Sa kabilang banda, ang litrato ay may kakayanang maipakita ang itinago ng iba upang makapukaw sa kamalayan at makapag-ambag sa panlipunang pagbabago (Bogre, 2012). Gayundin, ang ideyolohiyang nangingibabaw sa mga litratong ito ay maaaring mabago (Fuchs, 2014).

Ang mga litrato sa *travel blogs* ang sadya ng papel na ito. Bumukal ang interes ng mananaliksik sa espektakulo at mito sa mga larawan dahil sa kanyang mga karanasan bilang lokal na turista at litratista. Mga litrato sa Calamianes ang sisipatin sapagkat narating na niya ang lugar ng ilang beses dahil sa mga proyektong pangkaunlaran para sa mga Tagbanua ng dalawang bayan doon – Busuanga at Coron. Inaasahang sa pagbulatlat sa mito sa mga litrato sa *travel blogs* ay makapagsusulong ang papel na ito ng alternatibong kaisipan tungkol sa turismo lalo na sa mga destinasyong panturismo na bahagi ng komunidad at kapaligiran ng mga pangkat etnolingguwistik. Magbibigay din ito ng hamon para mas maging makakalikasan ang pagsusulat sa *blogs* hinggil sa mga likas na pook-pasyalan.

Sasagutin ng papel na ito ang mga sumusunod na katanungan: **Ano-ano** ang mga mitong pangkalikasan na nalilikha sa mga litrato ng mga sikat na likas na pook-pasyalan sa Calamianes, Palawan na tampok sa *travel blogs* sa internet? Anu-ano ang mga isyung panlipunan na nakakubli sa mga mitong ito?

### 3. BALANGKAS AT METODOLOHIYA

#### Gabay na mga Konsepto

Ang pag-aaral na ito **ng** mga litrato ng likas na pook-pasyalan sa Calamianes ay ginabayan ng dalawang konsepto – ang “mitolohiya” ni Barthes (1957/1972) at “espektakulo ng kalikasan” ni Igoe (2010). Ang pangalawa ay modipikadong ekstensiyon ng teorya ng espektakulo ni Debord (1967/1994).

**Mitolohiya.** Ayon kay Barthes (1957/1972), ang mito ay isang sistema ng komunikasyon, bale ba’y isang paraan ng signipikasyon na may mensaheng binibigyang kahulugan batay sa pagkakasabi. Ito ay ipinapahayag sa konteksto ng isang dikurso, at maaaring nasa anyong berbal o biswal (Barthes, 1957/1972, pp. 107-108). Para maintindihan ito, kailangang kilatisin muna ang mga konsepto ng *signifier*, *signified*, at *sign* sa tinawag ni Barthes na *first-order semiological system* (1957/1972, pp. 111-113).

Ang *sign* ay ang **kabuuang** ugnayan ng *signifier* at *signified*, kung saan ang una ang nagpapahayag sa huli (Barthes, 1957/1972, p. 111). Halimbawa, ipagpalagay na ang litrato ng isang agila ay ginamit na *signifier* ng isang lumilipad na hayop. Ang *sign* – ang agila sa litrato at ang ikinabit dito na ideya ng lumilipad na hayop – ay ang ugnayan ng dalawa. Ang litrato ng agila bilang *signifier* ay hungkag kung wala itong kinakatawagang ideya o konsepto. Ang lumilipad na hayop ay ideyang nakalutang sa isipan kung wala itong *signifier*. Hindi mabubuo ang kahulugan ng *sign* kung di sila pinagkabit. Maaaring may iba pang *signifiers* sa ideya ng lumilipad na hayop; gayundin, may iba pang pwedeng *signified* sa litrato ng agila. Iba’t ibang *signs* ang lilitaw sa bawat tambalan ng iba’t ibang *signifiers* at *signifieds*.

Ang mito ay isang *second-order semiological system* (Barthes, 1957/1972, p. 113). Ibig sabihin, ang *sign*



sa *first-order semiological system* ay naging *signifier* sa pangalawang sistema. Ang *signifier* na ito ay may dalawang aspekto – bilang kahulugan (sa antas ng sistemang lingguwistika) at bilang porma (sa antas ng sistemang mitikal). Bilang porma, ang *signifier* ay ikinabit naman sa isa pang *signified* na walang direktang kinalaman sa kahulugan ng *sign* sa unang sistema. [Ang ugnayan ng \*signifier\* at \*signified\* sa antas ng sistemang mitikal ay tinawag ni Barthes na signipikasyon \(1957/1972, p. 115\).](#)

Kung ang agilang may kakayanang lumipad na itinatampok sa litrato (bilang *sign*) ay ikinabit sa ideya ng pambansang ibon na may mga katangiang makikita sa mga Pilipino (bilang *signified*), ito ay huminto nang magsilbi bilang *sign* at nagsimula nang mag-anyong [signifier sa mitikal na](#) antas ng sistema ng representasyon. [Ibig sabihin, sa sistemang mitikal, binabago ng mito ang anyo ng \*sign\* na naging bagong signifier na](#) – ang [larawan ng](#) hayop na may kakayahang lumipad at naninirahan sa kagubatan – mula sa pagiging kahulugan tungo sa pagiging porma. Bilang porma, ito ay ikinakabit naman sa bagong *signified*, hanggang ang bagong *signifier* at bagong *signified* ay tuluyang makabuo ng panibagong *sign* o signipikasyon ng pambihirang ibon na kumakatawan sa mga Pilipino dahil sa ilang mga kahanga-hangang katangian nito. Ang panibagong signipikasyon, ang ugnayan ng *signifier* at *signified*, ay isang mito mismo (Barthes, 1957/1972, p. 120). Isinantabi na muna nito ang mga kahulugang tungkol sa biyolohikal na katangian, kalagayan, at kasaysayan ng *Philippine eagle* bilang isang nakalilipad na hayop na naninirahan sa kagubatan sa Pilipinas.

Matatandaang idineklara ang *Philippine eagle* bilang pambansang ibon noong 1995 ([Lacuata, 2015](#)), at ito ay madalas nang makita sa mga midyang ginagamit sa paaralan simula noon. Laganap ang mito tungkol sa agilang ito bilang simbolo ng ilang katangian ng mga Pilipino – natatangi, malakas, makapangyarihan, at mahal ang kalayaan ([Lacuata, 2015](#)). Isinasantabi ng mitong ito ang dinanas at dinaranas ng *Philippine eagle* sa kamay din mismo ng mga Pilipino na silang nagpabaya na makalbo at masira ang [kagubatan](#) na tirahan ng naturang ibon. Isinantabi rin nito ang napipintong pagkalipol ng *Philippine eagle* dahil bago pa man ito naging pambansang ibon ay pinagpiyestahan na ito ng mga Pilipino at dayuhan – binaril ng mga mangangaso, inalagay sa hawla, o ginawang espektakulo o panoorin sa *zoo* o parke.

Espektakulo ng kalikasan. Sa madaling sabi, ang espektakulo ng kalikasan ay isang biswal na pangyayari na kinakalakal at kinokonsumo, at may kakayahang magdala ng pagbabago. Para kay Igoe, ito ay ang produksyon at distribusyon ng mga larawan ng kalikasan na namamagitan sa relasyon ng mga tao sa isa't isa at sa kanilang kapaligiran at lipunan (Igoe, 2010, pp. 375-376). Dinalumat ni Igoe (2010) ang konsepto ng espektakulo ng kalikasan sa konteksto ng lumalakas na ugnayan ng *biodiversity conservation* at kapitalismo. Sa ugnayang ito, pinapaniwala ang mga tao na “ang lohika ng merkado at ang paglago ng ekonomiya ang pinakamainam na pamamaraan para maisalba ang kalikasan mula sa pagkasira at maprotektahan ang kinabukasan ng planeta” (Igoe, 2010, p. 376). Sa pagsusuri ni Igoe (2010), napag-alaman niyang ang gawain ng mga organisasyong nagsusulong ng konserbasyon ay kadalasang pabor sa kapitalismo, lalo na sa pag-iwas ng kapitalismo sa akusasyong ito mismo ang sumisira sa kalikasan. Kapansin-pansin [aniya](#) ang pagdami ng mga patalastas ng mga produkto at kumpanyang sumusuporta, nagtataguyod, o umaambag kuno sa mga gawain at layon ng konserbasyon. Nakakapaisip din ang paggamit sa mga litrato, bidyo, at iba pang midya na nagtatampok sa parehong kagandahan at suliranin na kaugnay ng kalikasan, mga eksotikong katutubo, at mga pambihirang hayop upang makalikom ng pondong umano’y pangkonserbasyon at mabigyang-katwiran ang pangngialam sa daloy ng buhay ng nanganganib na kalikasan, katutubo, at hayop.

Sa konsepto ng espektakulo ng kalikasan, ang imahen ay nag-aanyong kalakal na kinokonsumo; gayundin, ikinakalakal nito ang kalikasan (Igoe, 2010, pp. 375-378). Naniniwala si Igoe (2010) na ang mga



imahen ay hindi lamang representasyon ng mga reyalidad ng kapitalismo sa panahon ngayon kundi mahalagang bahagi ng mga reyalidad na ito. Halimbawa, binabago ng mga imahen ang iba't bahagi ng mundo "batay sa pantasya ng mga turista mula sa Kanluran" (Igoe, 2010, p. 376). Sa gayon, hindi kataka-taka ang transpormasyon ng magagandang dalampasigan sa Pilipinas bilang lugar pasyalan at libangan na tumutugon sa klase ng panlasa at buhay ng mga banyagang turista at Pilipinong may kakayahang maging turista. Nagkalat sa mga midyang pangmadla ang mga bidyo, litrato, at iba pang naratibong representasyon ng iba't ibang dalampasigan sa Pilipinas na dinudumog ng mga turista.

Kritikal ang papel ng midya sa produksyon at presentasyon ng espektakulo ng kalikasan. Ito nagbibigay anyo at kulay sa espektakulo. Umaapela ito sa kamalayan at damdamin ng mga manonood o mambabasa. Ito rin pangunahing aparato sa pagbubukas ng birtwal at panandaliang koneksyon sa mga organisasyon at indibidwal na nagsusulong o sumusuporta sa konserbasyon ng kalikasan. Napaigting ng internet ang papel na ito, lalo pa't maaaring maglagay dito ng mga interaktibong sangkap na maaaring galugarin o paglaruan.

Pagtatagpo ng mito at espektakulo ng kalikasan sa pagsusuri ng litrato. Sa papel na ito, ang pinagtuunan ng pansin ay ang mga mito sa espektakulo ng kalikasan na ibinabandera sa mga litrato ng mga likas na pook-pasyalan. Hindi kagaya ng ginawa ni Igoe (2010, pp. 375-397) na nagdalumat sa konteksto ng *biodiversity conservation* at kapitalismo, inilagay sa konteksto ng turismo, kapitalismo, at kaunlaran ang pagsusuri ng mga litrato ng kalikasan. Sa kontekstong ito sinuri ang mga mito na nalilikha ng mga litrato ng kalikasan na itinatampok sa *travel blogs* na panturismo. Samakatuwid, ipinapalagay ng mananaliksik na ang espektakulo ng kalikasan sa litrato, bilang penomenong biswal, ay lumilikha rin ng mga mitong nag-aanyong repleksyon ng mga reyalidad.

## Metodolohiya

Sa pangkalahatan, ang pananaliksik na ito ay isang semiotikang pagsusuri sa mga litratong tampok sa *travel blogs* tungkol sa mga pook-pasyalan sa Calamianes, Palawan. Kwalitatibo ang dulog sapagkat kinalikisan ang mga litrato bilang biswal na teksto na nakalikha ng mga mito ng kalikasan. Subhetibo ang lapit sa pagsusuri sapagkat ginamit ang punto de bista ng mananaliksik bilang mambabasa ng litrato; siya ang tumukoy sa mito sa bawat litratong susuriin. Kritikal ang lente sapagkat pinalitaw at pinalinaw ang mga isyung panlipunang isinasantabi ng mga mito sa mga litrato ng likas na pook-pasyalan sa Calamianes sa Palawan.

Maraming sikat na likas na pook-pasyalan sa lalawigan ng Palawan sa rehiyong Mimaropa. Sa papel na ito, ang mga likas na pook-pasyalan sa Calamianes na tampok sa *travel blogs* ang pokus ng pagsusuri. Ang Calamianes ay isang grupo ng mga isla sa hilaga ng Palawan – tatlong malalaki at mahigit isandaang maliliit. Kinikilala ito bilang lupaing minana ng mga Calamian Tagbanua, isa sa mga pangkat etnolingguwistik sa Palawan (Villapa, 2016).

Sa pagpili ng *travel blogs*, ginamit ang sistemang PageRank ng *search engine* na Google. Inilagay ang pariralang *travel blog Calamianes* (walang tandang panipi) bilang mga susing salita sa *search bar* ng Google. Pinili ang unang sampung kawing sa *web sites* na naglalaman ng *travel blogs* tungkol sa mga likas na pook-pasyalan sa Calamianes. Bilang sukatan ng *relevance*, ang *page rank* ng isang *web site* ay nakabatay sa bilang at lokasyon ng mga susing salita sa *site*, tagal ng pamamalagi ng *site* sa internet, at bilang ng mga nakakawing



dito na iba pang *sites* (Strickland, 2008). Ipinapalagay na ang mga turistang naghahanap ng impormasyon tungkol sa Calamianes ay kumukonsulta sa *travel blogs* (Bosangit et al., 2012; Pan et al., 2007).

Kailangan na ang bawat isang *travel blog* ay:

- (1) hindi ginawa o pag-aari ng isang establisimiyentong pangnegosyo na nagpapatalastas ng kanilang komersiyal na produktong iniaalok sa mga turista;
- (2) may nakapaskil na mahigit sa isang larawan ng pook na kasama sa pananaliksik;
- (3) sinulat ng Pilipino; at
- (4) may interaktibong sangkap, partikular na ang seksyon kung saan makakapagbigay ng reaksyon o tanong ang mga mambabasa.

Sa pangkalahatan, ang sinuring *travel blogs* ay 'yung *web pages* na may mga kawing na naunang lumabas sa Google PageRank. Sa kaso ng kawing na tumuloy sa *web page* na hindi nagtatampok ng isang buong artikulo subali't naglalaman ng mga titulo at kawing sa tukoy na *travel blogs*, sinuri ang mga tukoy na *blogs* na ito. Sa kabuuan, may 28 *travel blogs* na sinuri mula sa 10 *travel web sites*. Hindi isinama ang *travel blogs* na walang litrato sapagkat biswal na imahe ang *sadya ng* pananaliksik na ito. Nilimitahan ang *travel blogs* sa ginawa at pinamamahalaan ng Pilipino dahil binigyang diin sa pananaliksik ang diskurso ng mga Pilipino tungkol likas na pook-pasyalan sa sarili nilang bansa. Ang pagkakaroon naman ng interaktibong sangkap na tulad ng *comment section* ay nakatulong sa mananaliksik sa pagtukoy sa mga konotasyon ng mga imahen sa mga litratong sinuri.

Ang mga litrato ang nagsilbing tekstong datos ng pananaliksik. Sinuri ang mga ito sa pamamagitan ng tatlong hakbang. Una, inalam ang denotasyon sa mga litrato. Ang denotasyon ay ang literal o nakalitaw na kahulugan ng simbolong biswal na matatagpuan sa litrato. Sa isang litrato, ito ang kadalasang nakikita sa karaniwang pagtingin sa imahen, ang nasa "*foreground*" (Chandler, 2007, p. 138). Sa mitolohiya ni Barthes, ito ay makikita sa *first order signification* (Mcquail, 2012).

Pangalawa, tinukoy ang konotasyon, na ang ibig sabihin ay kahulugang ibinibigay ng isang tao o grupo batay sa kanyang katayuan at konteksto (halimbawa: sikolohikal, ekonomik, sosyo-kultural, pulitikal) (Chandler, 2007). Sa mitolohiya ni Barthes, ito naman ang *second-order signification* (Mcquail, 2012). Sa puntong ito, binigyang diin ang mga konotasyon ng *travel bloggers* at mga mambabasa na nagbigay ng komento o paglalarawan sa mga litrato.

Pangatlo, pinalitaw ang mga namamayagpag na mito ng kalikasan mula sa mga litrato sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga natukoy na konotasyon. Sa bahaging ito, ang pagpapalitaw at pagbaklas sa mito ay nanggaling sa punto de bista ng mananaliksik, at ang pag-analisa sa mga isyung panlipunang ikinubli ng mga mito ay batay sa mga naratibong *nagmula* sa *secondary sources*.

#### 4. NAPAG-ALAMAN

Sa lebel ng denotasyon, ang sinuring mga litrato ay nagtatampok sa mga pook-pasyalan na bahagi ng kalikasan, at halos lahat ng imaheng tampok sa mga ito ay nagpapakita ng natural na kapaligiran ng Calamianes, Palawan. Sa pagtetema ng denotasyon sa mga litratong ito, lumalabas ang sumusunod na mga pangunahing kategorya:

- (1) Likas na kapaligiran, na maaaring hatiin sa sumusunod na mga tema ng literal na kahulugan: (a)



dalampasigan, kasama ang along humahampas dito at isang bahagi ng dagat, at kadalasa'y hagip din ang isa o ilang puno sa *foreground*, ang kalangitan na may iba't ibang pormasyon ng ulap, at ang bundok o bulubundukin sa islang nakakasakop sa dalampasigan o di kaya'y iba pang mga isla sa *background*; (b) malawak na karagatan, kasama ang kalangitan na may ulap at isla o mga isla sa dulo o tabi; at (c) lawa at laguna, kasama ang matatarik na *rock formations* at *limestone karst cliffs*;

- (2) Hayop na matatagpuan sa lugar (halimbawa: iba't ibang barayti ng isda at ibon, usang Calamian, *giraffe*, *zebra*);
- (3) Tao o grupo ng mga tao sa likas na kapaligiran;
- (4) Aktibidad ng tao o grupo ng mga tao sa likas na kapaligiran;
- (5) Pagkain na matatagpuan sa lugar; at
- (6) Kainan, tirahan, at matitigilan sa lugar na malapit o naroon mismo sa pook-pasyalan.

Sa lebel ng konotasyon naman, sinuri ang mga kahulugang ibinigay ng *blogger* sa litrato sa pamamagitan ng kapsyon o maikling paliwanag na bahagi ng *blog*, at ang reaksyon o komento ng mga *netizens* na nakakita sa litrato. Ang mga sumusunod ang mga pangunahing tema ng konotasyong lumilitaw mula sa datos:

- (1) Kamangha-mangha, kahanga-hanga, at kagila-gilalas ang likas na kapaligiran o likas na yaman ng Calamianes;
- (2) Halos hindi kapani-paniwala ang ganda ng likas na yaman (halimbawa, hayop, halaman, bato at batuhan, *cliffs*, kapaligiran) sa ibabaw ng lupa at ilalim ng tubig sa mga likas na pook-pasyalan sa Calamianes;
- (3) Napapalapit sa loob ng turista ang mga ito;
- (4) Masaya at kagiliw-giliw ang mamasyal sa mga ito;
- (5) Tahimik at mapayapa ang mga ito;
- (6) Nakakarelaks, nakakagaan sa damdamin, at nakakakalma sa isipan ang mga ito;
- (7) Maraming maaaring gawin sa mga ito;
- (8) Marami, malawak, at iba't **ibang** klase **ang** mga ito;
- (9) May munting Africa sa Calamianes (kadalasang tumutukoy sa isla ng Calauit);
- (10) May mga sasakyang panlupa, pandagat, at panghimpapawid na magdadala sa turista **patungo** sa mga likas na pook-pasyalan sa Calamianes;
- (11) May matitirahan ang turista malapit sa o sa mismong pook-pasyalan sa Calamianes; at
- (12) May makakainan at may iba't ibang pagkain na matatagpuan malapit sa o sa mismong pook-pasyalan sa Calamianes.

Mula sa mga konotasyong madalas ibigay sa mga likas na pook-pasyalan sa Calamianes, lumilitaw ang ilang matitingkad na mga mito tungkol dito. Bagamat ang mito ay isa ring konotasyon, nangingibabaw ito sa laksa ng napakaraming konotasyong maaaring ikabit sa isang representasyon na kagaya ng litrato. Madalas din, integrasyon ito ng dalawa o higit pa sa mga konotasyong kagaya ng nabanggit sa itaas. Sa konteksto ng likas na pook-pasyalan, ito ay kahulugan na nagtataglay ng puwersa na maaaring humila o tumulak sa isang indibidwal na mamasyal o maglakbay sa Calamianes. Nakalista sa ibaba ang anim na mga matitingkad na mito ng kalikasan natukoy sa pananaliksik.

- (1) Dapat mapuntahan, maranasan, at bigyang apresasyon ang kamangha-mangha at kaakit-akit na likas na yaman sa Calamianes.
- (2) Walang hangganan ang likas na yaman sa Calamianes.
- (3) Walang kawala sa paningin, pagdating, at paggalugad ng mga manlalakbay ang mga likas na pook-pasyalan sa Calamianes. Naaabot ang mga ito ng mapa, sasakyan, at paa. Makikita, maririnig, maaamoy, at madarama rin ng manlalakbay ang yaman ng kalikasan sapagka't ang mga ito'y nagkalat lang sa tabi-tabi ng mga likas na pook-pasyalan sa Calamianes.
- (4) Libre at walang patumangga magagawa ng manlalakbay ang mga gustong gawin o pagkalibangan sa likas na pook-pasyalan.
- (5) Naglipana ang **mga** matitirahan at makakainan ng turistang mahilig sa likas na pook-pasyalan sa

Calamianes.

- (6) May simbayotiko at mapayapang ugnayan ang tao at ang kalikasan sa likas na pook-pasyalan sa Calamianes. Sa maraming pagkakataon, ang likas na pook-pasyalan ay nagbibigay ng sarap at kalma sa katawan at pakiramdam. Ito ay nakakarelaks at *therapeutic*.

Bawat isa sa mga mitong ito ay masasabing integrasyon ng maraming konotasyong nagsama-sama sa isang makapangyarihang konotasyon sa *second order of signification*. Halimbawa, nangibabaw bilang mito ang una sa listahan sa itaas dahil integrasyon ito ng mga sumusunod na konotasyong natukoy sa itaas tungkol sa mga pook-pasyalan sa Calamianes: kagila-gilalas; halos hindi kapani-paniwala; iba't ibang klase; nararating; masaya at nakakagiliw; maraming maaaring gawin dito; at may matitirahan at makakainang malapit lang.

## 5. TALAKAYAN

### Bighani ng Kalikasan: Dapat Maranasang Kamanghaan

Ang unang mito ay tungkol sa pagkamangha na ang maaaring patunguha'y isang karanasan sa paglalakbay. Sa usapin ng likas na pook-pasyalan, makapangyarihan ang diskurso ng pagkamangha sapagkat inaakit nito ang mga di pa nakakasaksi sa aktuwal na kinamamanghaan. Itinutulak nito ang mambabasa ng mga litrato na maranasan din nang personal ang kagila-gilalas, ang kahanga-hanga, at ang halos *di*-kapani-paniwalang ganda o penomenon ng kalikasan na nakita sa litrato. Kumokonstrak ito ng isang espektakulo sa pamamagitan ng pansamantalang ugnayan ng *blogger*, na siyang nagbahagi ng pagkamangha sa pamamagitan ng litrato, at ng mga *netizens* na mambabasa, na maaaring namangha na sa litrato pa lang, pero gustong pang maranasan ang aktuwal na pagkamangha sa mismong pook-pasyalan.

Sino nga naman ang di magbabalak pumunta sa Calamianes kung makikita ang mga litrato sa Figura 1? Ang lugar sa litrato sa kanan ay inirekomenda pa ng *bloggers* ng Let's Palawan *website* na puntahan sa pamamagitan ng panimulang pahayag na: "*Although every corner of this island (Palawan) is considered as a great escape on its own, there are still places in the island, not to mention Palawan activities that you just can't afford to miss!*" Mataas, palubog, o nakalubog man daw ang araw, may kamangha-mangha sa pasyalan o sa tanawin sa Calamianes!




Figura 1. Kaliwa: Kayangan Lake sa isla ng Coron (litratista: Jill Velasco; pinagkunan: Travel Blog website); Kanan: Paglubog ng araw sa isang dalampasigang mabato sa Busuanga (litratista: Jay Jallorina; pinagkunan: litrato sa Instagram ni @jayjallorina na itinampok sa Let's Palawan website)





Sa Calamianes, samot-sari ang kinamamanghaan sa kalikasan – *sandbar*, dalampasigan, *rock formations*, ilalim ng dagat o lawa, mala-*safari* na kapaligiran, lawa, dagat, burol, bundok, iba't ibang hayop, at kombinasyon ng dalawa o higit pa sa mga ito bilang tanawin o pasyalan. Kaya nga't palasak ang mga pang-uring ginagamit sa kapsyon at istorya, katulad ng mga sumusunod: maganda, malinaw, malinis, presko, payapa, kakaiba, at pambihira.

Kaugnay ng unang mito, dalawang katanungan ang bubulatlat sa mga isyu na nasa likod o di natatampok sa mga litrato sa *travel blogs*: Sa isang banda, dapat ba talagang mapuntahan at maranasan ng nakararami, kundi man **ng** lahat, ang pagkamangha sa mapang-akit na mga pook-pasyalan sa Calamianes? Sa kabilang banda, ipagpalagay nang mapangasiwaan nang maayos ang pagdagsa ng tao sa Calamianes, sino-sino lang talaga ang nakakapunta dito?

Parami nang parami ang bilang ng mga turista sa Calamianes. Walang panahong itinatakda kung kelan sila dapat pumunta para hindi dumagsa at maging *overcrowded* ang mga pook-pasyalan dito. Sa mga litrato, mistulang ang Calamianes ay mapupuntahan at maaabot kahit kailan, pero mas maganda kung sa lalong madaling panahon. Subalit kasama sa mga negatibong epekto ng patuloy na pagdami ng mga turistang nais makaranas ng pagkamangha sa Calamianes ang pagdumi ng kapaligiran, lalo na ang mga pook-pasyalan mismo.

Sa publikasyong Philippines Environment Monitor 2005 tungkol sa pangangasiwa ng baybayin at marina na inilimbag ng World Bank, tinukoy ang mahigit sa 20 aktibidad ng mga turista na maaaring makaapekto sa *coastal habitat*. Kasama rito **ang** konstruksyon, modipikasyon ng likas na istruktura, imburnal na direktso sa baybayin, pagdaong at pag-angkla ng mga bangka, pangongolekta ng *souvenir*, at sobrang pangingsida dahil sa *demand* ng turismo (World Bank, 2005).

Sa pagdami ng turista, dumarami rin ang basura at lumalala ang polusyon na maaaring makaapekto sa biodibersidad ng marina (Ylagan & Laguador, 2014). Sa isang balita, naiulat ang pagdumi ng tubig sa ilang bahagi ng baybayin sa bayan ng Coron (Ranada, 2014b). Indirekta man ang pagkakabanggit sa turismo bilang may sala, di pa rin maitatangi na ang paglaki ng populasyon sa Coron at pagdami ng mga dayo rito ay malaki ang kaugnayan sa estado ng bayang ito bilang isa sa mga sikat na destinasyong panturismo sa Palawan. Nabanggit din sa ulat ni Ranada (2014b) na may mga establisimiyento (halimbawa: *dive shops*, otel) na walang maayos na sistema ng palikuran at may mga basurang nadadala pa ng alon mula sa baybayin ng poblasyon ng Coron patungo sa mga sikat na pook-pasyalan sa mga karatig na isla. Sa sikat na lawa ng Kayangan at kalapit nitong Twin Lagoons, ang pagtatayo ng modernong pasilidad ay mahigpit na tinututulan ng mga Tagbanua sa isla ng Coron, subalit ang kawalan ng pasilidad naman daw nagtutulak sa mga turista na dumumi sa kung saan-saan dito (Ranada, 2014a).

Usapin din ng inekwaliti ang oportunidad ng pagliliwaliw sa Calamianes. Maliban sa mga taga-Calamianes mismo, ang dumaragsang turista sa hilagang Palawan ay kadalasang 'yung may kakayanang gumastos nang higit sa batayang pangangailangan. Hindi libre ang pagpunta at pamamasyal sa Calamianes. Sinasabi sa maraming *travel blogs* na kinakailangan ng isang turistang taga-Maynila ng badyet na di bababa sa limang libo dahil bawat galaw ng manlalakbay ay nangangahulugan ng gastos.

Samakatuwid, magiging reyalidad lang ang pagkamangha sa aktuwal na likas na pook-pasyalan kung may perang pambili ng mga komoditi ng turismo. Ibig sabihin, itinatago ng unang mito ang inekwaliti sa

lipunan na pinapatingkad ng turismo. Gayundin naman, kung ipagpapalagay na karamihan sa nakakapamasyal sa Calamianes ay may kaya sa buhay, lumalabas na may naiaambag ang mga may kaya sa anumang negatibong epekto ng turismo sa kalikasan.

### Yaman at Ganda ng Kalikasan: Walang Hanggan

Ang pangalawang mito ay may kinalaman sa hangganan ng resorses – sa tila kawalan ng katapusan at kaubusan ng likas na yaman. Halimbawa, hindi nakikita sa mga litrato ang dulo ng mga likas na pook-pasyalan sa Calamianes, na wari ba’y walang hangganan ang mga ito. Palasak ang ganitong mito sa *long* at *wide-angle shots* na katulad ng nasa Figura 2. Inilarawan pa ng *blogger* ang litrato sa kaliwa na “*endless white sand beach*,” at ang sa kanan na, “*infinity pool flowing to Calamianes waters*.” Animo’y maaaring magpakasaya sa pamamasyal hanggang sa mapagod ang katawan.



Figura 2. Kaliwa: Isang dalampasigan sa isla ng Coron (litratista: Japoy Rongavilla Lanuzo; pinagkunan: litrato sa Instagram ni @jaypoy.thegreat na tampok sa Let’s Palawan website); Kanan: Maquinit Hot Spring sa bayan ng Coron sa isla ng Busuanga (litratista: Jonas Roque; pinagkunan: Jonas Ph website)

Mapanganib sa kalikasan ang pagtrato rito bilang walang hanggan. Pinagsisimulan ito ng pag-abuso sa likas na yaman. Halimbawa, ang pagbabalewala sa konserbasyon ay nakasandig sa katwirang wala naman itong katapusan o kaubusan. Sa balitang sinulat ni Lim (2016), iniulat na idineklara ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) ang Coron bilang *quality management areas* para maprotektahan sila sa dumaraming aktibidad ng turismo. Ibig sabihin, inaamin mismo ng gobyerno sa pamamagitan ng DENR ang banta sa kalikasan sa Coron. Bukod dito, may mga isla sa Calamianes na lupang ninuno ng mga Tagbanua na dapat irespeto ng mga manlalakbay, na itinutulak ng mito na magkaroon ng walang hanggang pagnanasa at pangngialam sa kalikasan. Ang ibang isla nama’y inangkin na ng ilang malalaking negosyante dahil ayon na rin sa nasuring *travel blogs*, eksklusibo na ang mga ito.

### Abot-kamay at Abot-paang Kalikasan: Nakikita, Nalalanghap, Naririnig, at Nadaramang Kamanghaan

Ang pangatlong mito ay tungkol sa pagpunta at paggalugad sa mga pook-pasyalan sa kalikasan. Pinapakita sa mga litrato na walang imposible sa mga mapa, sasakyan, at paa na maabot kahit pa ang malalayong lugar basta ang mga ito’y kamangha-mangha. Makikita ang mga ito sa Google *maps*. Mararating

ang mga ito sa pamamagitan ng eroplano, barko, bangka, dyip, traysikel, pedikab, motorsiklo, at mismong mga paa. Gayundin, tila walang balakid sa interaksyon ng mga tao sa mga halaman at hayop sa kalikasan. Nakikita, nahahawakan, naaamoy, at nadarama ang mga ito.

Lingid sa mga mambabasa, may mga isyung nakatago sa likod ng mitong ito. Una, kailangang gastusan ang iba't ibang sasakyan maghahatid sa isang manlalakbay sa mga pook-pasyalan sa Calamianes. Ayon sa mito, maaabot daw ang mga kagila-gilalas na tanawin at lugar na dapat pasyalan. Pero ang mangyayari lang ito kung mayroong magagastos ang isang intresadong maglakbay doon. Kadalasang ang nilalakad lamang ay mismong pook-pasyalan, na mararating lang kung magrerenta ng sasakyang maghahatid doon at magbabayad ng *entrance fee*, katulad ng pamamasyal sa Kayangan Lake. May mga pook-pasyalan din sa Calamianes na eksklusibo lang sa mga mayayaman, katulad ng *island resort* na Club Paradise. Samakatuwid, hindi pangmahirap kundi para sa [may kaya](#) o mapera ang pamamasyal sa Calamianes.

Pangalawa, binabago o nilalagyan ng mga istruktura ang ilang pook-pasyalan para ito'y marating ng mga turista at maibagay o makatugon sa mga pangangailangan nila. Halimbawa na rito ang konstruksyon ng sementadong hagdan paakyat sa Mount Tapyas (Figura 3, kaliwa) at Kayangan Lake, pati na ang kahoy na tulay o daan sa tabi ng naturang lawa (Figura 3, kanan).



*Figura 3. Kaliwa: Hagdan paakyat sa Mount Tapyas sa Coron (litratista: Yoshke Dimen; pinagkunan: The Poor Traveler website); Kanan: Tulay na kahoy sa gilid ng Kayangan Lake (litratista: Sarah Garcia; pinagkunan: Travel Journal /Saggi-Space Blogspot website)*

Maaari ngang mas madali nang maabot ang mga ito at nabawasan ang peligro sa mga turista, pero nasisira ang natural nitong anyo at ekolohiya dahil sa mga konstruksyon ng tao. Sagrado rin para sa mga Tagbanua ang lawa sa isla ng Coron, na deklaradong lupang ninuno ng kanilang pangkat etno-lingguwistik. Bukod dito, ang pagdagsa ng tao ay malaki ang potensiyal na magdulot din ng pagtaas ng antas ng polusyon.

Pangatlo, may epekto sa mga hayop at halaman, lalo iyong mga nasa ilalim ng dagat, ang malimit na interaksyon nila sa mga taong namamangha at natutuwa na sila'y malapitan at mahawakan, kagaya ng nasa Figura 4. Ang kaliwang litrato ay galing sa isang *blog* na pinamagatang “19 free things to do in Palawan,” na tila ba kagawian na talaga ang paghawak sa maliliit na isda o pakikigulo sa kulumpon ng mga ito habang lumalangoy sa kanilang likas na tahanan. Subalit marami nang siyentipikong pag-aaral na nagsabing ang labis

na pangngialam o panghihimasok sa mga likas na tirahan ng mga hayop ay maaaring makasama sa mga ito. Sa pag-*scuba diving* sa mga protektadong eryang pangmarino, halimbawa, “*the evidence is that critical social and biological thresholds exist*” (Davis & Tisdell, 1995, p. 19). Ikinatwiran naman nina Buckley at Coghlan (2012) na ang paghuli ng mga isda at pagpapakawala sa mga ito pagkatapos ay maaaring makamatay sa ilang isda, kaya ang ganitong gawain ng turista ay matatawag na “*consumptive*” (p. 304). Isa ring kaugnay na isyu rito ay kung may tamang oryentasyon ang mga manlalakbay kung paano makikisalamuha sa mga hayop sa likas na pook-pasyalan.



*Figura 4. Kaliwa: Maliliit na isdang pansamantalang hinuli sa kamay ng isang turista (litratista: @ayelleyah; pinagkunan: litrato sa Instagram ni @ayelleyah na tampok sa Let's Palawan website); Kanan: Taong nagpapakain ng mga isda sa Banana Island sa Coron (litratista: Jonas Roque; pinagkunan: Jonas Ph website)*

Pang-apat, maaaring makapagpalala rin sa komodipikasyon ang espektakulo sa litrato na nagpapakita ng wari'y kagila-gilalas na interaksyon ng tao at hayop kagaya ng isda, [at mas ginagawa pa itong kumplikado ng ibang midya gaya ng pelikula](#). Ayon kay Yann (2016), “sa loob ng limang taon simula nang [maipalabas](#) ang pelikulang *Finding Nemo*, ang pagtaas ng *demand* sa kalakalan ng *marine aquarium* ay nagdulot ng pagbaba ng mga populasyon ng *clownfish*” (p. 4).


### **Gawain sa Kalikasan: Walang Patumanggang *Adventure with Nature***

Ang pang-apat na mito ay tungkol sa mga aktibidad na maaaring gawin sa mga pook-pasyalan sa Calamianes. Sa mga litrato, makikitang tila magagawa ng isang manlalakbay ang mga gusto nitong gawin sa Calamianes. Subalit kung bubulatlating mabuti ang mga litratong nagpoprodyus ng mitong ito, lilitaw ang ilang kabalighuan.

Una, ang dami at tagal ng magagawa niya ay depende sa dami ng kanyang pera. Hindi libre ang mamasyal sa Calamianes. Kailangang magbayad o magrenta ng sasakyan. May gastos sa paglalangoy sa Kayangan Lake, sa pag-*snorkel* sa Siete Picados, sa pagsi-*zip line* sa bayan ng Coron, sa pagtunganga sa magandang tanawing kita sa bintana o beranda ng isang otel o restawran sa Culion, sa paggala sa mala-*safari* na isla ng Calauit, at sa pagtubog sa mainit na tubig ng Maquinit Spring Resort.

Pangalawa, may hangganan ang interaksyon ng turista sa kalikasan, lalo na sa usapin ng pagkasira

ng huli dahil sa konstraksyon ng mga pasilidad na panlibang kagaya ng *zip line* (Figura 5, kaliwa), indirektang domestikasyon ng mga hayop sa ilang (Figura 5, kanan), at polusyong dulot ng pagdami ng turistang pansamantala lang ang pagtigil sa lugar.



*Figura 5. Kaliwa: Zip line sa tabi ng dagat sa Coron (litratista: @ayelleyah; pinagkunan: litrato sa Instagram ni @ayelleyah na tampok sa Let's Palawan website); Kanan: Mga turista sa ibabaw ng dyip na nagpapakain sa mga zebra sa Calauit Island (litratista: Keza Marie Enriquez; pinagkunan: A Wanderful Sole website)*

Pangatlo, maraming lugar sa Calamianes ay lupang minana ng mga Tagbanua na may sariling paniniwala, halagahin, at pamantayan na dapat irespeto ng manlalakbay. Hindi ito lugar ng walang patumanggang pagsasakatuparan ng anumang matipuhang aktibidad. Kung tutuusin, sa pagdami ng mga turista sa isang lugar, mismong mga lokal na mamamayan sa komunidad pa ang di makapagliwaliw sa mga pook-pasyalan, lalo na 'yung ginawang eksklusibo at doon sa may *entrance fee*. Ayon kay Cruz (2003), isa sa mga idinadaing ng mga residente ng ilang destinasyong panturismo sa Pilipinas ay ang “pagkawala ng akses sa mga dalampasigan at dislokasyon sa mga erya ng kanilang gawaing pangkabuhayan” (p. 9).

Pang-apat, malaking isyu ang konserbasyon sa gitna ng interaksyon ng turista at kalikasan, lalo na ang mga protektadong erya ng marina. Napag-alaman naman sa pag-aaral ni Fabinyi (2008) na sa ilang bahagi ng Calamianes, masalimuot ang usapin ng *user fees* sa protektadong erya ng marina. Aniya, ang ang puno't dulo ng di pagkakaunawaan ng *diving operators*, lokal na pamahalaan, at mga lokal na komunidad ay “*easy money*” at pagbabalewala sa mga seryosong hakbang para sa konserbasyon (Fabinyi, 2008, pp. 898-904). Nangangahulugan ito na matindi pa ang pangangailangan sa edukasyong pangkapaligiran sa mga *stakeholders* ng turismo sa Palawan sapatat kulang sa kahandaan para sa pagbabalanse ng turismo at konserbasyon. Dalawa sa mga salik nabanggit ni Devanadera (2002, p. 187) noon pang 2002 hinggil sa deteryorasyon ng kalikasan sa Hilagang Palawan ay kakulangan sa sistema ng pamamahala sa kapaligiran at limitadong resorses para sa konserbasyon.

#### **Kaalwanang Malapit sa Kalikasan: Naglipanang Masisilungan at Makakainan**

Ang panlimang mito ay may kinalaman sa akomodasyon. Makikita sa mga litrato sa *travel blogs* na maraming matitirahan, makakainan, at makakain sa Calamianes. Sa likod ng mitong ito sa mga litrato, may

mga isyung di tahasang isinisiwalat. Una, usapin pa rin ng pera para makakuha ng de-kalidad na otel at restawran. Sa Sangat Island Resort pa lang (Figura 6, kaliwa), mahigit Php 6,000 na ang renta sa isang kwartong *chalet* sa isang araw kapag hindi panahon ng pagdagsa ng turista (Sangat Island Dive Resort, 2016).

Pangalawa, kung sino-sino ang namumuhunan at nagmamay-ari ng mga malalaking otel at restawran sa Calamianes ay malaking tanong na kailangang sagutin ng isa pang malaking pananaliksik. Sa ngayon, wala pang pag-aaral na nagsasabing kinasapitan ng mga Tagbanua ang nangyari sa maraming Atis ng Boracay na dati pang naninirahan sa sikat na isla subalit namamalimos na ngayon sa sarili nilang bayan na dinodolina ng malalaking negosyante (Tan, 2010). Subalit sa kaso ng bayan ng Coron, laganap pa rin ang kahirapan dito sa kabila ng pagtaas ng kita ng munisipyo. Sa pag-aaral nina Kataka, et al. (2015), napag-alaman nila sa lokal na gobyerno ng Coron na “44.73% ng kabuuang bilang ng sambahayan ay nabubuhay nang mas mababa pa sa antas ng *food subsistence*” (p. 8).

Pangatlo, nagsusulputan ang mga restawran at ibang establisimiyentong panturismo na tumutugon sa panlasa ng mga manlalakbay, lalo na sa mga dayuhan at mayayamang Pilipino, at natatabunan ang taal na sangkap, timpla, at lasa ng mga pagkaing ng mga Tagbanua sa Calamianes (Stewart et al., 2015, pp. 135-136). Ang kilalang restawran na Bistro Coron, halimbawa, ay sikat sa mga pagkaing Pranses at iba pang putaheng pang-Europa (Figura 6, kanan). Ang may-ari nito ay isang Pranses na kasal sa isang Pilipina. Para sa *blogger* na si Christian Sangoyo (2011) ng Lakad Pilipinas *website*, “*above average*” ang presyo ng mga pagkain sa Bistro Coron. Usapin din ang problema sa sistema at kalidad ng tubig sa gripo sa Coron (Tabuada, 2015).



Figura 6. Kaliwa: *Isang mabato na bahagi ng Sangat Island Dive Resort sa Coron (litratista: Christian Lucas Sangoyo; pinagkunan: Lakad Pilipinas website)*; Kanan: *Beef terdenloin na may pepper sauce, isa sa mga pagkaing iniaalok ng Bistro Coron sa mga turista (litratista: Christian Lucas Sangoyo; pinagkunan: Lakad Pilipinas website)*

### Ugnayan sa Kalikasan: Mapayapa, Nakakapagpakalma, at Nakakagaling

Ang pang-anim na mito ay tungkol sa ugnayan ng mga tao at kalikasan sa mga likas na pook-pasyalan sa Calamianes – tahimik at mapayapa (Figura 7, kaliwa), nakakarelaks at *therapeutic* (Figura 7, kanan), at masarap at magaan sa katawan at isipan. Maaari ngang may magandang dulot ang kalikasan sa sikolohikal at pisikal na kalusugan ng isang tao. Samakatuwid, ang mga taong *stressed* o may iniinda sa pisikal na katawan ay nararapat pumunta sa mga lugar na walang gaanong tao upang maging relaks at nang gumaling.

Subalit isang malaking katanungan ang itinatago sa likod ng mga litrato kaugnay ng mitong ito: Bakit

kailangang sa natural na kapaligiran? Bakit hindi sa lungsod o sa ibang lugar? Ito ay dahil hindi itinuturing na *therapeutic* ang lungsod, kung saan ang mga sangkap ng kapaligiran na *therapeutic* sa marami ay naghihingalo o nawala na. Ito ang urbanisasyong tinatakas ng mga manlalakbay – maingay at magulo, nakaka-*stress* at nakakapagkasakit, at mabigat sa katawan at isipan. Ito ay isang reyalidad na nakatago sa likod ng mga litrato ng likas na pook-pasyalan. Sa pagdagsa ng mga turista sa mga likas na pook-pasyalan, na di madalas ipakita sa mga litrato, hindi kaya nababawasan na rin ang pagka-*therapeutic* nito?

Sa kabilang dako, *therapeutic* din kaya sa mga hayop sa ilang at sa dagat ang madalas na pambubulabog sa kanila ng mga turista, lalo na sa kanilang kaligirang tinatahanan, pinangingitlugan, at kinalalakhan?



*Figura 7. Kaliwa: Blogger ng The Poor Traveler website na nagmumuni-muni sa Mount Tapyas sa Coron (litratista: Yoshke Dimen; pinagkunan: The Poor Traveler website); Kanan: Blogger na nakatitig sa kalangitan at karagatan sa gabing maraming bituin (litratista: Ferdz Decena; pinagkunan: Ironwulf Enroute website)*

## 6. KONGKLUSYON

Sa pangkalahatan, ang espektakulo ng kalikasan na itinatampok sa maraming litrato sa *travel blogs* ay isang makulay na eksibisyong biswal ng halo-halong uri ng kamamanghaan at pagkamangha. Nagkokonstrak ito ng mga mitong naglalayo sa mga mambabasa sa mga panlipunang isyu at suliranin na bahagi ng reyalidad sa mga likas na pook-pasyalan sa Calamianes – ang komodipikasyon ng kalikasan at pamamasyal, ang galaw ng kapitalismong pabor sa mga negosyante at turistang nasa gitna at mataas na uring sosyo-ekonomiko, ang unti-unting pagkasira ng mga likas na pook-pasyalan dahil sa mga imprastrakturang panturismo at polusyon, ang pagbibigay-katwiran sa urbanisasyon na mapanira rin sa kalikasan, at ang pagbabalewala sa Calamianes bilang lupang ninuno ng mga Tagbanua na may sariling produktong kultural at ekonomik.

Sa ngayon, patuloy ang paglikha at pagpapalaganap ng espektakulo ng kalikasan sa mga litratong tampok sa *travel blogs*. Pinapasidhi nito ang pangangailang pamanihalaan ang kalikasan, at bagkus, ay baguhin ito ayon sa panlasa ng mga turista, lalo na ng mga dayuhang nagpapasok ng dolyar na kita sa bansa. Samakatuwid, habang pinamamanihalaan, inaayos at mas pinapaganda pa, lalo namang naglalaho ang pagiging “likas” nito. Malayo rin sa konsepto ng ekoturismo ang mga denotasyon at konotasyong naglipana sa mga litrato ng turismo sa likas na pook-pasyalan sa Calamianes. Sa ekoturismo, ang namamasyal ay di lang humahanga at naglilibang, kundi (at mas mahalaga na siya) may intensyong matuto tungkol sa kalikasan at gumagawa ng hakbang para protektahan ito.



Sa huli, ang puno't dulo ng mga mitong ito sa litrato ay komodipikasyon, komersiyalisasyon, at pagkasalaula ng mga likas na pook-pasyalan sa Calamianes. Ang espektakulo ng kalikasan ay isang pagkakakitaan, hindi nga lang ng mga *environmental groups* kagaya ng natukoy ni Igoe (2010), kundi ng mga kapitalistang nangangapital sa turismo na ang marami'y kabilang sa naghaharing-uri o dayuhan. Kung ang ang turismo sa kalikasan ay bahagi ng espektakulo na narerepresenta sa mga litrato sa *travel blogs*, may saysay ang sinabi ni Debord (1967/1994) na: “*The world the spectacle holds up to view is at once here and elsewhere; it is the world of the commodity ruling over all lived experience*” (p. 11).

Panahon na para sa malawakang pagkilos para sa kritikal na edukasyong pangkapaligiran na bubulatlat at susuri sa mga isyung natabunan o itinago ng mga mito sa espektakulo. Kasama sa dapat na magkaroon ng mapanuring kamalayan na makakalikasan ang mga nagsusulat hinggil sa kanilang mga karanasan sa pamamasyal sa mga likas na pook-pasyalan. Malaki ang maaaring maging papel ng *travel blogs* at *travel bloggers* sa kampanya at pagkilos para sa proteksiyon at pagpapanatiling buhay at masigla ng kalikasan.

## 7. MGA SANGGUNIAN (APA style)

- Banyai, M., & Glover, T. D. (2012). Evaluating research methods on travel blogs. *Journal of Travel Research, 51*(3), 267–277. doi: 10.1177/0047287511410323
- Barthes, R (1972). *Mythologies*. (A. Lavers, Trans.). New York: Noonday Press. (Original work published 1957)
- Bersales, J. E. R. (2005). Contested space: Tourism, power, and social relations. In R. B. A. Alampay (Ed.), *Tourism Challenges for the Philippines* (pp. 238-273). Philippines: Philippine APEC Study Center Framework and Philippine Institute for Development Studies.
- Bogre, M. (2012). *Photography as activism: Images for social change*. Burlington: Taylor & Francis.
- Bosangit, C. Dulnuan, J, & Mena, M. (2012). Using travel blogs to examine the postconsumption behavior of tourists. *Journal of Vacation Marketing, 18*(3), 207-219. doi:10.1177/1356766712449367
- Buckley, R., & Coghlan, A. (2012). Nature-based tourism in breadth and depth. In T. V. Sing (Ed.), *Critical Debates in Tourism* (pp. 304-306). Bristol: Channel View Publications.
- Chandler, D. (2007). *Semiotics: The basics* (2nd ed.). London and New York: Routledge.
- Cruz, R. G. (2003). Towards sustainable tourism development in the Philippines and other Asean countries: An examination of programs and practices of national tourism organizations. *PASCN Discussion Paper No. 2003-06*, 4-43.
- Davis, D. & Tisdell, C. (1995). Recreational scuba-diving and carrying capacity in marine protected areas.” *Coastal and Ocean Management, 26*(1), 19-40. doi:10.1016/0964-5691(95)00004-L
- Debord, G. (1994). The society of the spectacle. (D. Nicholson-Smith, Trans.). France: Buchet-Chastel. (Original work published 1967)





- Devanadera, N. (2002). Ecotourism in Palawan: A case study. In *Linking Green Productivity to Ecotourism: Experiences in the Asia-Pacific Region* (pp. 183-190). Tokyo: Asia Productivity Organization.
- Dizon, H. (2015). The contested development of a Philippine tourism landscape: The case of Nasugbu, Batangas." *Kasarinlan: Philippine Journal of Third World Studies*, 30(1), 91-129.
- Dulnuan, J. R. (2005). Perceived tourism impact on indigenous communities: A case study of Sagada in Mountain Province." In R. B. A. Alampay (Ed.), *Tourism Challenges for the Philippines* (pp. 161-203). Philippines: Philippine APEC Study Center Framework and Philippine Institute for Development Studies.
- eMarketer. (2008, July 8). Online reviews sway shoppers. Retrieved November 6, 2016 from <http://www.emarketer.com/Article/Online-Reviews-Sway-Shoppers/1006404>.
- Fabinyi, M. (2008). Dive tourism, fishing and marine protected areas in the Calamianes Islands, Philippines. *Marine Policy*, 32(6), pp. 898-904. doi:10.1016/j.marpol.2008.01.004.
- Federation of Filipino Chinese Chamber of Commerce and Industry Inc. (FFCCCII). (2016). Philippine tourist arrivals reach a record 5.4M in 2015. Retrieved November 6, 2016 from <http://www.ffccii.org/philippine-tourist-arrivals-reach-a-record-5-4m-in-2015>.
- Fuchs, C. (2014). *Social media: A critical introduction*. London: Sage.
- Igoe, J. (2010). The spectacle of nature in the global economy of appearances: Anthropological engagements with the spectacular mediations of transnational conservation. *Critique of Anthropology*, 30(4), 375-397. doi: 10.1177/0308275X10372468
- Kataka, J., Yambao, R. N., Hirayama, Y., Hasegawa, R., Li, D., & Espenido, G. (2015). The economic effects of tourism on local fishermen in the municipality of Coron, Palawan province, Philippines." In *Overseas Fieldwork Report 2015: Palawan Province, The Philippines*. Japan: Graduate School of International Development, Nagoya University. Retrieved November 4, 2016 from <http://www2.gsid.nagoya-u.ac.jp/blog/fieldwork/files/2016/03/20160317-OFW2015-Report-Final.pdf>.
- Lacuata, R. C. (2015, June 5). Why the Philippine eagle is PH national bird. *ABS-CBN News Online*. Retrieved October 26, 2016 from <http://news.abs-cbn.com/focus/06/05/15/why-philippine-eagle-ph-national-bird>.
- Lim, J. C. (2016, June 7). Puerto Galera, Coron water quality placed under regulator control. *Business World Online*. Retrieved October 26, 2016 from <http://www.bworldonline.com/content.php?section=Economy&title=puerto-galera-coron-water-quality-placed-under-regulator-control-&id=128621>.
- Macquail, D. (2010). *Communication Theory* (6th ed.). London: Sage Publications.
- Pan, B., MacLaurin, T., & Crofts, J. C. (2007). Travel blogs and their implications for destination marketing. *Journal of Travel Research*, 46(1), 35-45. doi: 10.1177/0047287507302378



- Philippine Statistics Authority. (2013, December 27). Four in ten Filipinos 15 years old and over had visited a place within the country in 2012 (Results of the 2012 household survey on domestic visitors). Retrieved November 10 2016 from <http://web0.psa.gov.ph/content/four-ten-filipinos-15-years-old-and-over-had-visited-place-within-country-2012-results-2012>.
- Philippine Statistics Authority. (2016, June 17). Contribution of tourism to the economy is 8.2 percent in 2015. Retrieved November 10, 2016 from <http://psa.gov.ph/tourism-satellite-accounts-press-releases>.
- Pilapil-Añasco, C., & Lizada, J. C. (2014). Philippine tourism: Evolution towards sustainability. *EDP Sciences (SHS Web of Conferences 12)*. doi: 10.1051/shsconf/20141201032
- Ranada, P. (2014, July 9). Talking ecotourism with the Tagbanua. *Rappler*. Retrieved November 10, 2016 from <http://www.rappler.com/rappler-blogs/pia-ranada/62729-talking-ecotourism-tagbanua-coron>.
- Ranada, P. (2014, May 17). Water pollution a rising threat in Coron. *Rappler*. Retrieved November 10, 2016 from <http://www.rappler.com/science-nature/environment/58257-water-pollution-coron>.
- Remo, A. R. (2016, March 23). Tourism contributes P1.4T to GDP. *Philippine Daily Inquirer*. Retrieved November 10, 2016 from <http://business.inquirer.net/208861/tourism-contributes-p1-4t-to-gdp>.
- Republic Act 9593 (Tourism Act of 2009).
- Sangat Island Dive Resort. Retrieved November 2, 2016 from <http://sangat.com.ph>.
- Save the Ifugao Terraces Movement (SITMo). (2008). *IMPACT: The effects of tourism on culture and the environment in Asia and the Pacific: Sustainable tourism and the preservation of the world heritage site of the Ifugao rice terraces, Philippines*. Bangkok: UNESCO.
- Stewart, J. L., Takagi, R., Olum, M. A., Tsuchihashi, K., & Yamada, H. (2015). The coexistence of indigenous culture and tourism: A case study of the Tagbanua of Northern Palawan. In *Overseas Fieldwork Report 2015: Palawan Province, The Philippines*. Japan: Graduate School of International Development, Nagoya University. Retrieved November 4, 2016 from. <http://www2.gsid.nagoya-u.ac.jp/blog/fieldwork/files/2016/03/20160317-OFW2015-Report-Final.pdf>.
- Strickland, J. (2008, January 11). Why is the Google algorithm so important? *How Stuff Works*. Retrieved December 2, 2016 from <http://computer.howstuffworks.com/google-algorithm.htm>.
- Tabuada, J. (2015, August 19). Coron faces threats of water contamination. *Palawan News online*, Retrieved December 2, 2016 from. <http://palawan-news.com/coron-faces-threats-of-water-contamination>.
- Tan, E. (2010, May 29). The Atis of Boracay. *Manila Times*.
- Torres, A. C. Igorot representation in Cordillera picture postcards. (2014). In R. B. Tolentino, P. F. Campos, R. J. C. Solis, & C. S. Pangilinan (Eds.), *Communication and Media Theories* (pp. 217-229). Quezon City: UP Press.



Villapa, J. A. (2016). Ang isla ng Calauit bilang kanlungan ng mga buhay-ilang at mga hayop, 1976-2013. *Saliksik E-journal*, 5(1), 168-190.

World Bank. (2005). *The Philippines environment monitor 2005: Coastal marine and resource management*. Retrieved November 4, 2016 from <http://siteresources.worldbank.org/INTPHILIPPINES/Resources/PEM05-complete.pdf>.

Yann, G. (2016). Saving Nemo – Reducing mortality rates of wild-caught ornamental fish. *SPC Live Reef Fish Information Bulletin*, 21, 3-7.

Ylagan, A. P., & Laguardor, J. M. (2014). Tourism studies in the province of Batangas, Philippines: A literature review. *International Journal of Management Sciences*, 4(10), 421-428.

#### **Mga travel blogs na sinuri:**

Buaron, D. R. A. (2009, March 29). Coron Island and the Calamianes Island. Retrieved October 21, 2016 from <http://tourism-philippines.com/coron-island-calamianes-islands>

Decena, F. (2013, July 22). Ferry to Culion Island, the eagle and a starry, starry night. Retrieved November 8, 2016 from <http://www.ironwulf.net/2013/07/22/ferry-to-culion-island-the-eagle/#more-7989>

Dimen, Y. (2013, March 24). Culion, Palawan: Budget travel guide. Retrieved October 20 from <http://www.thepoortraveler.net/2013/03/culion-island-travel-guide-getting-there-hotels-itinerary-budget>

Dimen, Y. (2013, March 27). Culion, Palawan: To the 'island of no return' and back. Retrieved October 20 from <http://www.thepoortraveler.net/2013/03/culion-town-historical-walking-tour-palawan-philippines>

Dimen, Y. (2013, April 1). Black Island, Busuanga: The new shade of paradise in Palawan, Philippines. Retrieved October 20 from <http://www.thepoortraveler.net/2013/04/black-island-malajon-coron-busuanga-palawan-philippines>

Dimen, Y. (2013, April 3). Calauit safari park: A piece of Africa in Palawan, Philippines. Retrieved October 20 from <http://www.thepoortraveler.net/2013/04/calauit-island-wildlife-preserve-african-tours-coron-palawan-philippines>

Dimen, Y. (2013, May 1). Hotel Maya: Where to stay in Culion, Palawan, Philippines. Retrieved October 20 from <http://www.thepoortraveler.net/2013/05/review-hotel-maya-culion-island-palawan-philippines>

Dimen, Y. (2013, May 3). Mt. Tapyas: Chasing sunsets in Coron, Palawan, Philippines. Retrieved October 20 from <http://www.thepoortraveler.net/2013/05/mt-tapyas-coron-palawan-sunset-philippines>

Dimen, Y. (2013, May 10). The other Pamalican Island in Busuanga, Palawan. Retrieved October 20 from <http://www.thepoortraveler.net/2013/05/pamalican-island-busuanga-palawan>



- Dimen, Y. (2013, May 11). Tameta pension house: Where to stay in Coron, Palawan, Philippines. Retrieved October 20 from <http://www.thepoortraveler.net/2013/05/review-tameta-pension-house-coron-palawan-philippines>
- Dimen, Y. (2013, May 15). Lusong shipwreck and coral garden: Shallow reverie in Coron, Palawan, Philippines. Retrieved October 20 from <http://www.thepoortraveler.net/2013/05/lusong-island-coron-shipwreck-corals-palawan-philippines>
- Dimen, Y. (2013, June 6). Maquinit hot springs: Tub therapy in Coron, Palawan. Retrieved October 20 from <http://www.thepoortraveler.net/2013/06/maquinit-hot-springs-coron-palawan>
- Dimen, Y. (2013, June 10). Coron and Busuanga, Palawan: Budget guide.” Retrieved October 20 from <http://www.thepoortraveler.net/2013/06/busuanga-coron-diving-tours-guide-palawan-philippines>
- Enriquez, K. M. (2016, September 7). Coron under P8000 in 5 days – A budget travel guide to awesome tours, cheap eats and places to hit the sack. Retrieved October 28, 2016 from <http://www.awanderfulsole.com/coron-in-5-days-under-p8000-a-budget-travel-guide-to-awesome-tours-cheap-eats-and-places-to-hit-the-sack>
- Garcia, S. (2014, March 30). One summer in Coron: Our all girl getaway experience (part 1). Retrieved October 31, 2016 from <http://saggi-space.blogspot.com/2014/03/one-summer-in-coron-our-all-girl.html>
- Let's Palawan. (2015, September 17). 20 reasons why Palawan should be your next romantic getaway. Retrieved October 19 from <http://www.letspalawan.com/blog/20-reasons-palawan-next-romantic-getaway>
- Let's Palawan. (2015, September 30). 16 reasons why every adventure junkie should visit Palawan. Retrieved October 19 from <http://www.letspalawan.com/blog/16-reasons-every-adventure-junkie-visit-palawan>
- Let's Palawan. (2016, February 10). 26 most romantic destinations in Palawan. Retrieved October 19 from 2016. <http://www.letspalawan.com/blog/26-romantic-destinations-palawan>
- Let's Palawan. (2016, April 13). 16 places in Palawan you should not miss. Retrieved October 19 from <http://www.letspalawan.com/blog/16-places-palawan-not-miss>
- Let's Palawan. (2016, April 28). 19 free things to do in Palawan.” Retrieved October 19 from <http://www.letspalawan.com/blog/19-free-things-palawan>
- Let's Palawan. (2016, May 11). Palawan's 27 coolest town. Retrieved October 19 from <http://www.letspalawan.com/blog/palawans-27-coolest-town-spots>
- Let's Palawan. (2016, May 12). The top 20 places to go in Palawan. Retrieved October 19 from <http://www.letspalawan.com/blog/top-20-places-go-palawan>
- Let's Palawan. (2016, June 9). Stunning new 21 Palawan sceneries. Retrieved October 19 from <http://www.letspalawan.com/blog/stunning-new-21-palawan-sceneries>

Presented at the 11th DLSU Arts Congress  
De La Salle University, Manila, Philippines  
February 7 and 8, 2018



Let's Palawan. (2016, June 22). The most underrated Palawan destinations. Retrieved October 19 from <http://www.letspalawan.com/blog/underrated-palawan-destinations>

Roque, J. (2015, August 19). El Nido or Coron? 12 factors to consider in choosing one over the other. Retrieved November 8, 2016 from <http://jonas.ph/blog/2015/08/19/el-nido-or-coron-12-factors-to-consider-in-choosing-one-over-the-other>

Sangoyo, C. (2016, November 24). "Coron | travel guide + itinerary + travel. Retrieved November 25, 2016 from <http://www.lakadpilipinas.com/2014/07/coron-itinerary-travel-guide.html>

Trogo, A. (2013, July 6). Coron town tour (day 1 of Coron review). Retrieved November 19, 2016 from <http://www.annatrogo.com/2013/07/coron-review-coron-town-tour>

Velasco, J. (2005, April 27). Exploring the Calamianes. Retrieved October 20 from <http://www.travelblog.org/Asia/Philippines/Palawan/blog-6120.html>